Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA


7 Hulyo 2024 | Ika-14 na Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

## MGA PROPETA NG DIYOS SA MUNDONG WALANG PANINIWALA

*Ngayo'y ipinaaalaala sa atin ang patuloy na pagkalinga ng Diyos sa lahat ng tao, pati na sa tumatanggi sa Kanya at naliligaw ng landas. Ilan sa mga pinakamalinaw na tanda ng Kanyang pagmamahal ay ang mga propetang sinusugo Niya sa Kanyang bayan upang paalalahanan sila sa kanilang mga tungkulin at ipaunawa sa kanila ang malaking pinsalang dulot nila sa kanilang kapwa at sa kanilang sarili sa pamamagitan ng kanilang masamang asal.*

*Si Hesus, ang pinakadakila sa lahat ng propeta, ay dumanas ng mapait na pagtatakwil at ngayo'y pinaaalalahanan niya ang kanyang mga disipulong sila man ay magkakaganoon din. Sa halip na panghinaan ng loob, tayo'y dapat na magsikap na maging tapat sa ating misyon bilang propeta sa Simbahan at sa lipunan alinsunod sa halimbawa mismo ni Hesus.*

*Sa Eukaristiyang ito, hilingin natin ang biyaya upang magawa ito, ano man ang mangyari.*



### PASIMULA

#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa iyong templo, Poong D'yos, aming isinasaloob ang 'yong pag-ibig na lubos. Papuri ng sansinukob sa malasakit mong taos.**

#### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen**
***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B*** – **At sumaiyo rin!**

#### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwing ng mga Banal na Misteryo. *(Manahimik saglit.)*

***P*** – Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Dumating na Tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi. Kristo, kaawaan mo kami!
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipanalangin kami. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

#### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

*P* –Ama naming makapangyarihan, pakundangan sa pagpapakumbaba ng Anak mong masunurin, ibinangon mo sa pagkadapa ang sangkatauhang masuwayin. Ipagkaloob mo sa amin ang banal na kagalakan upang kaming sinagip mo sa kaalipinan ay magkamit ng iyong ligayang walang katapusan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* –Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Ez 2:2-5*

*Sa kabila ng di magandang saloobin ng mga makasalanan, walang pinababayaan ang Diyos upang sila'y mapagbalik-loob. Ang paghirang kay Ezekiel na magtungo at mangaral sa mga Israelita ay nagpapatunay ng tuwinang malasakit ng Diyos sa kaligtasan ng pinakamatigas mang makasalanan.*

*L*– Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

**Noong mga araw na iyon, nilukuban ako ng Espiritu at itinayo ako upang pakinggan ang isang tinig na nagsasabi:**

**"Tao, susuguin kita sa Israel, sa bansang suwail. Pagkat mula sa kanilang ninuno, naghihimagsik na sila sa akin hanggang ngayon. Matigas ang kanilang ulo at walang pitagan. Kaya puntahan mo sila at sabihin mong ito ang ipinasasabi ng Panginoong Diyos. Sa makinig sila o sa hindi – pagkat matigas nga ang kanilang ulo – malalaman nilang may isang propeta sa gitna nila."**


Ang Salita ng Diyos!

***B* –Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 122*

***B* –Mata nami'y nakatuon sa awa ng Panginoon!**

*R. M. Velez*




*** Ang aking pangmasid doon nakapukol, sa luklukang trono mo, O Panginoon. Tulad ko'y aliping ang inaasahan ay ang amo niya para matulungan. *B.***

*** Kaya walang humpay ang aming tiwala, hanggang ikaw, Poon, sa ami'y maawa. Mahabag ka sana, kami'y kaawaan, labis na ang hirap naming tinataglay. *B.***

*** Kami'y hinahamak ng mga mayaman, matagal na kaming laging inuuyam ng mapang-aliping palalo't mayabang. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** *2 Cor 12: 7-10*

*Maging ang mga dakilang santo ay may kahinaan tulad ng mahiwagang "tinik sa laman" na binabanggit ni San Pablo sa sipi ngayon. Sa mata ng Diyos, ang mahalaga'y ang ating pakikipagtulungan sa Kanyang biyaya.*

*L*– Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

**Mga kapatid:**

**Para hindi ko ipagyabang ang kamangha-manghang pahayag ng Diyos sa akin, ako'y binigyan ng isang kapansanan sa katawan na nagsisilbing pamalo ni Satanas upang huwag akong magpalalo. Tatlong beses kong idinalangin sa Panginoon na alisin ito, ngunit ganito ang kanyang sagot, "Ang tulong ko'y sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina."**

**Kaya't buong galak na ipagmamapuri ko ang aking kahinaan upang palakasin ako ng kapangyarihan ni Kristo. Dahil kay Kristo, walang halaga sa akin kung ako ma'y mahina, kutyain, pahirapan, usigin, at magtiis. Sapagkat kung kailan ako mahina, saka naman ako malakas.**

Ang Salita ng Diyos!

***B* –Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *Lu 4:18*

***B* –Aleluya! Aleluya! Ikaw, Kristo, ay sinugo upang sa dukha'y magturo, magpalaya sa bilanggo. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Mc 6:1-6*

*Matagumpay si Hesus sa simula ng kanyang misyon. Ngunit naharap din siya sa mga di-pagkakaunawaan at pagtutol. Sa sipi ngayon, sinasabing una siyang nabigo sa sariling bayan na kanyang kinalakhan at tinirhan nang mga 30 taon.*

*P* –Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

***B*– Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, si Hesus ay nagtungo sa sariling bayan, kasama ang kanyang mga alagad. Pagdating ng Araw ng Pamamahinga, nagturo siya sa sinagoga. Nagtaka ang maraming nakarinig sa kanya at nagtanong, "Saan niya nakuha ang lahat ng iyan? Anong karunungan itong ipinagkaloob sa kanya? Paano siya nakagagawa ng mga kababalaghan? Hindi ba ito ang karpinterong anak ni Maria, at kapatid nina Santiago, Jose, Judas, at Simon? Dito nakatira ang kanyang mga kapatid na babae, hindi ba?" At siya'y ayaw nilang kilanlin.**

**Kaya't sinabi ni Hesus sa kanila, "Ang propeta'y iginagalang ng lahat, liban lamang ng kanyang mga kababayan, mga kamag-anak, at mga kasambahay." Hindi siya nakagawa ng anumang kababalaghan doon, maliban sa pagpapatong ng kanyang kamay sa ilang maysakit upang pagalingin ang mga ito. Nagtaka siya sapagkat hindi sila sumampalataya.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P*–**Malinaw na palatandaan ng pagmamahal ng Diyos sa Kanyang bayan ang mga propeta. Kailangan natin sila ngayon tulad noong una. Ipanalangin natin ang lahat ng tinatawag sa ganitong uri ng paglilingkod sa ating panahon:

***B*–Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Nawa'y ang Simbahang Katolika ay maging tapat, maging walang takot o pag-aalinlangan sa kanyang tungkulin bilang propeta sa daigdig. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y ang mensahe ng mga propeta noong araw ay maiangkop sa ating kalagayan ngayon at mapagbunga ng pagbabalik-loob at kabutihan. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y lumago ang tunay na propesiya sa Simbahan at kilalanin ng kanyang mga pinuno at mga mananampalataya. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y ang mga nahirang sa paglilingkod bilang propeta ngayon ay di mangamba sa hamon sa kanilang misyon o sa banta ng pagtatakwil. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y ang mga nahirang sa paglilingkod bilang propeta ay mamuhay nang alinsunod sa mensaheng kanilang ipinangangaral. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y lahat ng tumatanggap ng Sakramento ng Pagpapahid ng Langis, kasama ng kanilang mga mahal sa buhay, ay makapagkamit ng kapangyarihan ng Panginoon at maging tanda nawa sila ng habag at pag-asa para sa lahat. Manalangin tayo! ***B.***

***P*–**Panginoong Diyos, padalhan Mo kami ng marami at karapat-dapat na mga propeta para malinaw naming makilala ang Iyong kalooban at tupdin itong tapat sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

***B*–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–**Ama naming Lumikha, ang paghahain namin sa iyong ngalan ay siya nawang sa ami'y dumalisay upang ito ay maging pagganap araw-araw ng aming paglipat sa buhay sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*–Amen!**

## Prepasyo II

***P*–**Sumainyo ang Panginoon!

***B*–At sumaiyo rin!**

***P*–**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B*–Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*–**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*–Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

## Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**

***P*–** Hinihiling namin . . .

***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

## Paanyaya sa Kapayapaan

## Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

**Antipona ng Pakikinabang**

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Lasapin ninyo at tikman ang sarap ng pagmamahal ng Panginoong Maykapal. Malaki ang kapalaran pag s'ya'y pinagtiwalaan.**

**Panalangin Pagkapakinabang**

*P* – Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang ay loobin mong laging lumingon sa pinanggalingan ng tinanggap namin ngayon para pagsaluhan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* – Sumainyo ang Panginoon.

*B* – **At sumaiyo rin!**

*P* – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

– Dinggin nawa ninyo ang mensahe ng sinaunang mga propeta na umaabot sa atin sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.

*B* – **Amen!**

*P* – Maunawaan nawa ninyong kayo ay kalahok sa pagiging dakilang propeta ni Kristo.

*B* – **Amen!**

*P* – Ang buhay nawa ninyo ay maging patotoo sa mensaheng inyong ipahahayag sa lipunan.

*B* – **Amen!**

*P* – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

*B* – **Amen!**

*P* – Humayo kayo sa kapayapaan at maging propeta ng Panginoon sa inyong pang-araw-araw na buhay.

*B* – **Salamat sa Diyos!**

BISPERAS SA VERITAS 846 kHz-AM

Listen to **BISPERAS SA VERITAS** (846 kHz)
Saturdays 5:00 - 6:00 P.M.
WATCH VIA FB LIVE @ DZRV 846 FACEBOOK PAGE

# KALABUAN, KABULUHAN, KAHULUGAN!

*Kalakbay at Katoto*

**Malabo ang maraming bagay sa mundong ibabaw. Magulo . . . Masalimuot** . . . Tila walang patutunguhan … Di ba't ito ang hindi lamang pahapyaw na sinasaad sa unang pagbasa? . . . kung paano isinugo si propeta Exequiel sa isang bayang mapag-alsa, palasuway at pasaway? Angkop na angkop ang katagang ginamit . . . kapal ng mukha at tigas ng puso ang mga salitang patungkol sa bayan ng Israel na hindi marunong tumanaw ng utang na loob!

**Hindi lamang kalabuan ang sinasaad sa liturhiya natin ngayon.** Hindi lamang malabo ang maraming bagay . . . **tila wala ring kahulugan ang lahat**. Sa harap ng isang pasakit sa katawan na dumating sa buhay ni Pablo apostol, napapailing tayong lahat. Ito ay sapagka't tayo rin ay nagtataka at naguguluhan sa kadahilanang, ang isang taong matuwid tulad ni Pablo ay sinagian din ng isang pasakit na matindi. Tatlong beses daw niya hiniling na ito ay tanggalin ng Panginoon. Ngunit sa tatlong kahilingang ito, na nagmumula sa kaibuturan ng kanyang damdamin at puso, ang tugon ng Diyos ay iisa . . . *"sapat na ang biyaya ko para sa iyo."*
**Ang buhay natin ay tila ganito sa maraming pagkakataon . . . hindi lang may kalabuan . . . . Wala ring kabuluhan!** Ito ang matindi at taimtim nating panalangin na nagmumula rin sa kaibuturan ng ating puso: *"Nakatuon ang mga mata namin sa Panginoon, nagsusumamo sa kanyang dakilang habag."* (Salmong Tugunan) **Layunin tuwina ng ating pagtitipon bilang Iglesya, bilang mananampalataya, na maghanap ng kakaibang pagtingin sa mga bagay-bagay sa daigdig.** Sa isang banda, alam natin ang nagaganap . . . masasalimuot na mga bagay na maaaring walang solusyon kailanman. Patuloy ang susun-susong mga suliraning bumabagabag sa balana. Palasak ang katiwalian sa lipunan, sa anumang samahan na binubuo ng mga taong malaya at matalino. Kasama tayong lahat sa kulturang ito na pinamumugaran ng lahat ng uri ng kadayaan at pagkakanya-kanya.

Ilang beses tayo naging suwail at pasaway? Ilang pagkakataon natin itinatwa ang mabuti at sinalubong ang masama? Makailang ulit nating tinalikuran at siniphayo ang tawag ng kabutihan at kagandahang-loob sa buhay natin, ma-personal man o pangkalahatan?

**Sa Misang ito, ang tungkulin natin ay tingnan ang kabilang dako ng kasaysayan, at buklatin**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

**ang naiibang pahina ng buhay natin bilang Kristiyano.** At dito nangunguna si Pablo na siyang unang-unang nakaranas ng mapapait na pasakit na hindi kailanman niya hinanap kahit sa guni-guni lamang. Dumating ang mga pasakit na iyon sa kanyang buhay. At nang pinag-igting at pinag-ibayo niya ang kanyang pagpapagal sa ngalan ng ebanghelyo, lalu namang nagmasigla ang lahat niyang mga suliranin sa buhay: mga kahinaan, insulto mula sa kapwa, kahirapan, pang-uusig mula sa ibang tao, mga balakid na walang kapara, atbp . . .

**Subali't sa kabila ng lahat, ang pangaral ngayon ni Pablo ay malinaw pa sa araw sa tanghaling tapat . . . sa sandali ng kahinaan ay lalong lumutang ang kanyang kalakasan!** Sa punto de vista ng Panginoon, sa paningin ng tulad niyang naparito upang maghatid ng buhay na walang hanggan, isa pang higit na malinaw na larawan ang tumatambad sa paningin natin. Ito ang kahulugan sa gitna ng kalabuan at kawalang kabuluhan.


Ito ang mabuting balita ng kaligtasan! Ito ang paningin ng Diyos na tulad natin, ay naging tao sa katauhan ni Kristo, Anak ng Diyos. Ito ang pinagyayaman natin sa bawa't Misa, sa bawa't pagtitipong banal sa simbahan, kung kailang tayo ay gumaganap sa gawaing banal ng Diyos, ang liturhiya!

Ito ang dahilan kung bakit dapat tayo magtipon sa tuwi-tuwina. Mahina tayong lahat. Nalilimutan natin kagya't ang pasakit na pinagdaanan ng Poong Nazareno. Nalilimutan natin tuwina na ang buhay natin ay hiram lamang. Nahihirati tayo sa masama . . . sa hindi tama . . . sa mga bagay na ang kahulugan ay pang-sumandali lamang, ngayon at dito sa lupang ibabaw.

Ang mga pagbasa ngayon ay isang paalaala. At ang pinupuntirya ng mga ito ay ang buod ng mabuting balita para sa ating panahon na binabagabag tuwina ng maraming kalabuan, ng tila kawang kabuluhan ng lahat ng kabutihang ating ginagampanan. Sa kabila ng lahat ng kawalang katiyakan at kawalang kabuluhan, ang buhay at pangaral ni Kristo, na siya ring pangaral ng simbahan ay walang iba kundi ito: **may bukas pa . . . Kung may bukas pa, mayroong dahilan ang lahat. Mahirap man makita ang nagkukubli sa likod ng lahat ng kawalang kabuluhan at kalabuan ng maraming bagay, ang mga pagbasa ngayon ay nagsasabi sa atin nang buong linaw at lakas . . . may kahulugan ang lahat ng ito**. At ang kahulugang ito ang siyang nilalaman ng ating panalanging binigyang-diin sa tugon sa unang pagbasa: ***"nakatuon ang paningin naming sa Panginoon, nagsusumamo sa kanyang awa at habag."***


Are you preparing children for First Communion?
Then you need

**"THE MASS EXPLAINED TO KIDS"**




A coloring book on the Mass, with a collection of appropriate songs, basic Catholic prayers, and a Mass Guide for First Communion!

Contact **WORD & LIFE PUBLICATIONS** for further information on everything you need for this memorable occasion in the life of every Catholic child.

**Word And Life Publications / Word And Life Religious Store**
**wordandlifereligiousstore_2021**
**Word and life Religious Store**